

Solar Powered STARBOOKS, dinala ng DOST sa liblib na lugar sa Davao Oriental

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Maituturing na isa sa pinakamalayang lugar, gayundin pinakamahirap na abutan ng serbisiyo ng pamahalaan ang Sitio Patong sa bayan ng Cateel sa probinsya ng Davao Oriental. Humigit kumulang na tatlumpu't kilometro mula sa sentro ng Cateel ang kailangan tahakin ng sinumang magnanaís na mapuntahan ang lugar na ito, na kung saan ilang ilog at bundok ang kailangan lagpasan.

Nakadagdag pa ang kawalan ng suplay ng kuryente sa nasabing lugar, dahilan upang magsilbing hamon sa mga mag-aaral dito ang matutunan ang iba't ibang leksyon sa siyensya, matematika, kasaysayan, at iba pang mga asignatura sa paaralan.

Kaya naman, maituturing na biyaya ng mga taga Sitio Patong ang pagdating ng Solar Powered na STARBOOKS na libreng ipinagkaloob ng Department of Science and Technology (DOST) Region XI kamakailan sa Patong Elementary School.

Sa ilalim ng programa na Community Empowerment through Science and Technology o CEST ng DOST, naisakatuparan ng DOST Region XI na mabili ang mga nararapat na materyales kagaya ng solar panel, baterya, at yunit ng kompyuter sa pagdedebelop ng Solar Powered na STARBOOKS.



Ang STARBOOKS o Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosks ay dinebelop ng mga eskperto mula sa DOST-Science and Technology Information Institute (STII). Ito ang kauna-unahang “digital science library” sa bansa, na naglalaman ng local at foreign S&T resource material mula text, video, at audio format, journal, technology material, hanggang sa mga livelihood video at hindi kinakailangan ng koneksyon sa internet upang mabuksan ang mga nilalaman nito.

“Malaking tulong at napapanahon maituturing ang pagdating ng Solar Powered na STARBOOKS sa Sitio Patong, lalo na sa mga guro at mag-aaral doon. Bukod sa napakalilibit at hindi naabutan ng suplay ng kuryente, hamon din sa mga iskwelahan doon ang kakulangan o minsan pa ay kawalan ng mga educational o resource materials na maaaring basahin ng mga mag-aaral”, pagbabahagi ni Hermano Tupas, science research specialist mula sa DOST Region XI.

sundan sa pahina 3

Mga Nilalaman

DOST, naging kaakibat sa pagtahi ng tagumpay ng isang lokal na garment company sa Iloilo.....	p2
Kerobee Farm.....	p3
Software na makakatulong sa pagresolba ng trapiko, inilunsad ng DOST at DLSU.....	p4
LarawaNews.....	p4

DOST, naging kaakibat sa pagtahi ng tagumpay ng isang lokal na garment company sa Iloilo

Ni Kimverlyn C. Sayson, *DOST-STII*

Ang pagkakaroon ng mga modernong kagamitan at karagdagang kaalaman sa pananahi at pagbuburda ng iba't ibang uri ng kasuotan ang naging kasangkapan sa pag-asenso ng Cefekur Garment Industry, isang lokal na kumpanya na matatagpuan sa lungsod ng Iloilo.

At pag-amin ni Felicina C. Valencia, may-ari ng Cefekur Garment Industry, hindi nila matatamasa ang mga ito kung hindi dahil sa suportang ibinigay ng Department of Science and Technology (DOST), sa pamamagitan ng kanilang Small Enterprise Technology Upgrading Program o mas kilala bilang SETUP.

Taong 1994 nang simulan ni Valencia ang kanyang negosyo bilang isang sub-contractor ng mga nagdidisenyo at nagtatahi ng mga iba't ibang uri ng kasuotan kagaya ng school uniforms, t-shirt, at mga lab gowns.

Bagamat unti-unting nakilala at nakakakuha nang masugid na mga kustomer ang nasabing kumpanya, naging malaking hamon sa kanila ang kakulangan ng mga kagamitan sa pananahi at pagbuburda na sinabayan pa ng pagtaas ng demand ng kanilang produkto at serbisyo.

Pagkukwento ni Valencia, nang lumalago ang kanilang negosyo, hiniling ng mga kustomer nila na magtahi rin sila ng mga jerseys at iba pang mga sports uniform na susuotin ng mga kawani ng local government units na lumalahok sa Congressional District Sports Association Meet.

Sa pagtaas ng demand ng kanilang serbisyo, hindi agad nakasabay ang Cefekur Garment



Industry, dahilan upang maantala ang ilan sa mga delivery ng kanilang mga produkto.

Nakadagdag pa rito ang madalas na pagkakaroon ng mga “electric at machinery failure” sa kanilang mga operasyon.

Kaya naman noong nabalitaan nila ang tungkol sa SETUP ng DOST at sa suporta na maaaring maihatid nito sa mga katulad nilang lokal na negosyante, hindi na sila nagdalawang isip na magtanong at mag-apply dito.

Sa ilalim ng proyektong “Product and Process Improvement of a Gift and Décor Production Facility for Cefekur Garment Industry”, natulungan nito na itaas ang antas ng proseso ng produksyon ng mga kasuotang tinatahi at binuburdahan ng kumpanya ni Valencia.

Nagawa nilang magkaroon ng computer embroidery at industrial sewing machine na nakatulong sa pagpapabilis at pagpapaganda ng kalidad ng kanilang mga tinatahi at binuburdahan na kasuotan.

Ang mga nasabing makinarya rin ang naging daan upang makabuo rin ng iba pang produkto ang Cefekur Garment Industry, kagaya ng personalized fits at souvenirs, sumbrero, tasa, at iba pang mga customize na produkto.

“Sa kalidad na taglay ng mga produkto namin ngayon, nakakasigurado kaming maaari na kaming makipagsabayan sa national level. Sa larangan ng pagbuburda, maipagmamalaki naming ang amin ay computerized at gawa na ito sa industrial machine”, sabi ni Valencia.

Kabilang din sa mga serbisyong nakuha ng Cefekur Garment Industry mula sa SETUP

ng DOST ay ang mga teknikal na konsultasyon pagdating sa Energy Audit at Cleaner Production.

Pagbabahagi ni Valencia, kaakibat ng pagtaas ng antas ng kalidad ng kanilang mga produkto ay pagtaas rin ng kanilang kita na nagresulta upang mas maraming lokal na residente ang nabigyan nila ng kabuhayan.

Isa lang ang Cefekur Garment Industry sa mga nagpapatunay sa mahalagang kontibusyong ng Siyensya at Teknolohiya sa pagpapausbong ng isang negosyo. (Impormasyon mula kay Liz V. Lamazan, DOST VI)



ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL

Editorial Assistant

JAMES B. INTIA

Layout

FRAMELIA V. ANONAS

Proofreader

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Software na makakatulong sa pagresolba ng trapiko, inilunsad ng DOST at DLSU

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*

Bukod sa mataas na bilang ng mga sasakyan na bumabiyahe nang sabay-sabay sa mga pangunahing lansangan sa Kalakhang Maynila, maituturing din isa sa mga dahilan ng pagsisikap ng trapiko ay ang kawalan ng disiplina ng mga motorista.

Kaya naman upang matulungan ang mga awtoridad at lokal na pamahalaan na maisaayos ang daloy ng trapiko sa iba't ibang lugar sa bansa, isang software na tinatawag na Contactless Apprehension of Traffic Violators on a 24-Hour Basis and All-Vehicle Detection System o CATCH-ALL ang magkatuwang na dinebelop ng Department of Science and Technology- Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) at De La Salle University (DLSU).

Sa isinagawang paglulunsad ng nasabing software noong Mayo 15, 2017 sa DLSU Main Campus sa Taft Avenue sa Maynila, ipinaliwanag ni Dr. Elmer P. Dadios, tumatayong project leader ng CATCH-ALL, ang iba't ibang kakayahan nito. Kabilang na ang matukoy ang mga sasakyang lumalabag sa mga batas trapiko, kagaya ng number coding violation, beating the red light, at swerving. Ibinibigay din ng software ang mga kinakailangang detalye kagaya ng kulay at plate number ng sasakyan na lumabag sa batas trapiko.

Upang malaman kung epektibo ang CATCH-ALL, sampung CCTV cameras at isang LED Billboard ang itinayo sa panulukan ng Estrada Street, sa tabi ng DLSU, na kung



saan awtomatikong kukuhanan ng mga CCTV na cameras ang mga sasakyang lumalabag sa batas trapiko at ipapakita ito sa LED Billboard, kasama ang partikular na paglabag na kanilang nagawa.

Samantala, pinapurihan naman ito ng lokal na pamahalaan ng Maynila na siyang tumatayo na katuwang ng DOST at DLSU sa pag-iimplementa ng CATCH-ALL. Ayon kay Manila Traffic and Parking Bureau representative Julio S. Galang, maaaring makatulong ang CATCH-ALL na mas lagyan ng ngipin ang mga batas trapiko na kanilang ipinapatupad sapagkat maaaring tukuyin nito ang iba pang mga motorista na lumalabag na minsan ay nakakalusot sa kanilang mga traffic enforcer. Umaasa sila na sa pamamagitan ng software, mas maraming motorista ang magiging disiplinado na sundin ang mga itinakdang batas. (Impormasyon mula sa DOST-PCIEERD)

Solar-powered...

Mula sa pahina 1

Ayon kay Tupas, nakikita ng mga guro sa Patong Elementary School ang potensyal na maitutulong ng STARBOOKS sa kanilang mga mag-aaral. Kabilang na rito ang magkaroon ng malawak na kaalaman sa siyensya, na maaaring maging daan upang pangarapin ng mga mag-aaral sa kanila na maging siyantista o inhinyero balang araw. Sa pamamagitan nito, dadami ang mga lokal na residente na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kanilang lugar balang araw.

"Mahirap at talaga namang nakakapagod. Subalit iyong makita niyo na iyong teknolohiya at serbisyong inihatid niyo ay nakapagbigay ng malaking ngiti at posibleng magbigay-daan din na matupad ang mga pangarap ng mga kabataan sa Sitio Patong ay higit pa upang mapawi ang lahat ng iyon", sabi ni Tupas.

Ibinahagi rin ni Tupas na may mga nakalatag ng plano ng instalasyon ng Solar Powered STARBOOKS ngayong taon ang DOST Region XI sa ilang mga liblib na lugar sa mga probinsya ng Compostela Valley, Davao del Sur, Davao del Norte, Davao Occidental, at sa lungsod ng Davao.

Samantala, sa hiwalay na panayam, ibinagi naman ni Alan C. Taule, tumatayong hepe ng Information Resources and Analysis Division ng DOST-STII, may mga nakalinya na rin na instalasyon ng mga Solar Powered na STARBOOKS ang DOST-STII sa iba't ibang panig ng bansa, katuwang ang kumpanyang Telstra.

DOST, naging instrumento sa pag-unlad ng Kerobee Farm sa Benguet

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

Dahil sa pinansyal at teknikal na suportang ibinigay ng Department of Science and Technology (DOST), naiangat ng Kerobee Farm na nakabase sa Tuba, Benguet ang kanilang kalidad ng produksyon, gayundin ang kanilang taunang kita.

Taong 2010 ng unang lumapit ang Kerobee Farm sa DOST upang mag-aplay na maging benepisyaryo ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o mas kilala na SETUP. Sa halagang 300,000, nagawa ng kumpanya na makabili ng mechanized dryer na siyang magbibigay ng mas mabilis at mas epektibong pagtutuyo ng mga dahon mula sa mga halamang gamot kagaya ng guyabano, mountain tea, yacon, gotukola, lemon grass, banaba, ginger-tumeric, dandelion, strawberry, gipas, wheatgrass at chia seeds.

Ayon kay Romeo Kimbungan, may-ari ng Kerobee Farm, dati ay kinakailangan ng higit kumulang labing-dalawa hanggang labing-apat na oras upang mapatuyo ang labing-limang kilo ng mga dahon na gagamitin sa paggawa ng tsaang subalit mula nang makuha nila ang mechanized dryer sa pamamagitan ng SETUP, nagagawa na lang ito sa loob ng tatlumput minuto.

Dahil dito tumaas ang kita ng kumpanya nang umaabot sa 342 na porsyento mula 2010 hanggang 2014.

Samantala, taong 2014 naman, muling pinalad na maging benepisyaryo ng SETUP ang Kerobee Farm. Sa pagkakataong ito, sa halagang 1.4 na milyon, nagawa ng kumpanya na makabili

ng Automatic Tea Bag Packing Machine kung saan napabilis ang proseso at napataas ang kalidad ng mga produktong tsaang. Sa ngayon ay nakakagawa na ng 35 teabags sa bawat minuto ang Kerobee Farm na dati ay ginagawa ng manomano na 11 teabags bawat minuto.

Bukod dito, natulungan din ng DOST ang Kerobee Farm pagdating sa mga aspeto ng laboratory analysis, label design, at pagsasanay sa Manufacturing Productivity Extension Program o MPEX.

Sa kasalukuyang, marami ng produkto ang Kerobee Farm. Ilan dito ang mga sumusunod: herbs (basil, mint, dandelion, gotu kola, rosemary, stevia at chia); sariwang gulay (lettuce, spinach, cucumber, alfalfa sprouts, eggplant, French beans at buckwheat); prutas tulad ng strawberry at papaya; at bulaklak tulad ng acropolis anthurium.

May mga ipinagmamalaki rin sila mga espesyal na produkto tulad ng honey vinaigrette na may herbs (salad dressing), honey calamansi concentrate, herbal wine 7-in-1, honey turmeric drinks na may lemon, organic lip balm, Ashitaba Tea, Arabica Coffee, 9-in-1 Instant Herbal Tea, Turmeric Powder, at Malunggay Powder.

Taong 1992 nang itayo ni Kimbugan ang Kerobee Farm na ang pangunahing produkto noon ay ang honey. Pagsapit ng taong 2003, unti-unti nadagdagan ng produkto ang kumpanya, kabilang na rito ang herbal teas. Ang taniman ng kumpanya ay nasa Tuba, Benguet at ang "processing area" ay nasa Ambiong, La Trinidad, Benguet naman. •



Honey Calamansi Concentrate, isa sa mga produkto ng Kerobee Farm sa Benguet.



Iniinspeksyon ng mga nagtatrabaho sa Kerobee Farm ang mga Ashitaba Tea Bags bago ito ilagay sa mga kahon. Ang Department of Science and Technology ay nagbigay tulong sa Kerobee Farm sa pamamagitan ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP para mapaganda ang kalidad ng tsaang at mapabilis ang produksyon. (Larawan na kuha ni Gerardo Palad/S&T Media Service)

LarawaNEWS



8 paaralan sa Bohol nakatanggap ng STARBOOKS. Ang Department of Science and Technology (DOST) sa pamamagitan ng Science and Technology Information Institute (STII) ay nagbigay ng STARBOOKS sa walong pampublikong paaralan sa Ubay, Bohol sa layunin na magkaroon ng level playing field sa paglakip ng mga impormasyon tungkol sa siyensya at teknolohiya lalo ng mga mag-aaral sa mga lalawigan sa buong bansa. Pinangunahan ni Secretary Fortunato T. de la Peña (nakatayo) ang pagbibigay at demonstrasyon ng STARBOOKS, kasama si House Committee on S&T sa mga sumusunod na paaralan: Tapal Integrated School, Tubog Integrated School, Camambugan National High School, Cagting High School, Union National High School, Hambabauran High School, Sierra Bullones National High School at Ubay National Science High School. Si Bohol 2nd District Representative at Chair ng House Committee ng Science and Technology Erico Aristotle C. Aumentado (nakaupo sa kanan) ay binigay din ang buong suporta sa proyektong STARBOOKS kasama sina Puwersa ng Bayaning Atleta Party List Rep. Mark Aeron Sambar (nakaupo sa gitna), isa sa mga miyembro ng naturang House Committee. (Kuha ni Henry de Leon, DOST-STII)